# Guide Book



lisyo

# Contents

01 Gabay sa Facebook 04

02 Gabay sa GCash 07

03 Gabay sa eGOV PH 10

04 Gabay sa Pag-iwas sa Scam 13

05 Pagsusuri 14

# 01 Gabay sa Facebook

### Mag log in sa facebook

- Buksan ang Facebook app
- Ilagay ang email at username
- Ilagay ang password
- Pindutin ang **Log In**

### Paano Palitan ang Password?

**1. Pumunta sa Settings**
  - Hanapin ang Menu at pindutin ang **button na may tatlong linya** sa kanang ibaba
  - Pindutin ang **Settings & Privacy**
  - Pindutin ang **Settings**
  - Piliin ang **Meta Accounts Center**

**2. Pumunta sa Password & Security**
  - Pindutin ang **Password and Security**

**3. Palitan ang Password**
  - Pindutin **Change Password**
  - Ilagay ang **lumang password**
  - Ilagay ang **bagong password (dalawang beses)**
  - Pindutin ang **Save Changes**







### Paano Mag-post at Mag-share

**Magpost ng Message**
  - Hanapin ang **What's on your mind?**
  - I-type ang iyong message
  - Pwede magdagdag ng larawan (picture icon)
  - Pindutin ang asul na **Post button**

**Mag-share ng Post**
  - Pindutin ang **Share button** sa ibaba ng post

### Bakit mahalaga ang password?

- Protektado ang iyong personal na impormasyon
- Hindi mahack ang account
- Ligtas laban sa mga scam

## Mga Safety Tips



- Gumamit ng malakas na password at huwag ishare sa iba
- Huwag mag-click ng kahina-hinalang link
- Huwag mag-share ng address o phone number
- Hindi lahat sa social media ay totoo, magtanong muna sa pamilya
- Isulat ang password sa notebook para hindi malimutan



## Makakatulong na Tips

- Gumamit ng Two-Factor Authentication para sa extra security
- Magkaroon ng pasensya sa sarili habang nag-aaral
- Protektahan ang personal na impormasyon, dahil isang maling click ay delikado



# 02 Gabay sa GCash

## Ano ang GCash?



Ang GCash ay isang e-wallet app na maaaring gamitin para mag-ipon ng pera, magpadala ng pera sa iba, at magbayad ng mga bills. Ito ay ligtas at mabilis gamitin!

## Paano mag log-in sa app?

1. Buksan ang GCash app sa iyong cellphone
2. Ilagay ang iyong 4-digit na MPIN (password)
3. Pwede rin gamitin ang Face ID or Fingerprint

## Ang Home Screen



Pagkatapos mo mag log-in, makikita mo:

**Sa Itaas:** ang iyong gcash balance

**Sa ibaba:** Mga icons para sa ibang features

## Mga Basic Functions ng GCash

### **Send Money:** Pagpapadala ng pera

- Pindutin ang **"Send Money"**
- Pindutin ang **"Express Send"**
- Ilagay ang **number o account** ng tatanggap
- Ilagay ang halaga
- Suriin kung tama at pindutin **"Next"**
- Pindutin ang **"Proceed"** at antayin ang resibo




### **Cash In:** Paglagay ng pera sa GCash

- Pindutin ang **"Cash In"**
- Piliin kung saan (7-Eleven, bangko, online banking)
- Ilagay ang halaga
- Sundin ang mga instructions
- Hintayin ang confirmation message






### **Pay Bills:** Pagbayad ng mga bills




- Pindutin ang **"Pay Bills"**
- Hanapin ang iyong biller (Meralco, Maynilad, PLDT)
- Ilagay ang account number at halaga
- Kumpirmahin and mga detalye

## Paano maging ligtas?



- Huwag ibahagi ang MPIN kahit kanino
- Tignan palagi kung mayroon kakaibang transaction
- I-on ang notifications

## Benepisyo ng GCash app



- Magbayad ng bills nang hindi lumalabas ng bahay
- Magpadala ng pera sa pamilya kahit malayo
- Mas madali at mabilis
- Ligtas at sigurado

# 03 Gabay sa eGOVPH

## Ano ang eGOVPH ?

Ang eGovPH ay isang mobile application kung saan makikipag-transaksyon kayo sa iba't ibang government agencies gamit lang ang inyong cellphone. Isang app, maraming serbisyo!



## Paano mag-start?

**Step 1:** I-download ang app:

- Buksan ang Google Play Store o Apple App Store
- I-type: "**eGovPH**"
- Pindutin ang "Install"

**Step 2:** Mag-login o Sign-Up

- Gamit ang eGov account, email, o PhilID number
- Piliin: "**Sign Up**" kung bago o "**Log In**" kung mayroon ng account





## Mga available services:

Makikita sa Home Screen ang mga government agencies:

- **PhilHealth** – Health contributions at member info
- **SSS** – Contributions at benefits
- **GSIS** – Para sa government employees
- **LTO** – Vehicle registration at driver's license
- **NBI** – Pag-request ng clearance

## Paano gamitin ang app?

**Step 1:** Pumili ng ahensya


- Pindutin ang icon ng agency na kailangan mo

**Step 2:** Check your records

- Halimbawa sa PhilHealth: Makikita mo ang Member Info, Contributions, at Claims

**Step 3:** I-navigate gamit ang Menu Bar

- **Home** – Bumalik sa main page
- **Transactions** – Tingnan ang requests
- **Profile** – Account details at security settings



## Special feature: Digital ID

Ang Digital ID ay **electronic version ng PhilSys ID**, pwede mo gamitin sa government offices at online transactions. Ligtas at walang hassle!

## Paano mag-update ng information

1. Pindutin ang "Profile"
2. Pumunta sa "Settings"
3. Baguhin ang password, contact details, o privacy settings

## Benepisyo ng eGOV PH app

- Hindi na kailangan pumila sa government offices
- Hindi na kailangan bumiyahe – gawa sa bahay lang
- Mabilis at madali – isang pindot lang
- Ligtas – protected ang personal data mo





# 04 Gabay sa Pag-iwas sa Scam

## Ano ang Deepfakes?

Pekeng video o larawan na ginawa ng computer. Mukha ng tunay na tao pero peke ang sinasabi.

## Bago Maniwala...

**STOP** – Huwag mag madali
**THINK** – Totoo ba ito?
**VERIFY** – Tawagan ang tunay na tao
**ASK** – Magtanong sa pamilya





## Facebook - Mga Scam

- Tumawag muna bago magpadala ng pera online

## GCash - Protekatahan ang Pera

- I-on ang fingerprint at huwang i-share ang OTP

## eGOV PH - Protektahan ang Info

- Maging maingat sa mga pekeng gov links na humihingi ng ID information mo

# Pagsusuri



**1. May nag-message na kaibigan mo at humingi ng pera dahil sa "emergency". Ano ang gagawin mo?**
A) Magpadala agad ng pera
B) Tumawag muna sa kaibigan para kumpirmahin
C) I-ignore ang message

**2. Ano ang HINDI dapat i-post sa Facebook?**
A) Pictures ng pagkain
B) Address at phone number
C) Birthday greeting sa kaibigan

**3. May tumawag na kunwari GCash support at humingi ng MPIN. Ano ang gagawin mo?**
A) Ibigay ang MPIN para makatulong
B) Huwag ibigay – ang tunay na GCash hindi humihingi ng MPIN
C) Magtanong kung ano ang MPIN

**4. Bago mag-send ng pera, ano ang dapat mong gawin?**
A) Mag-send agad para mabilis
B) Double-check ang pangalan ng tatanggap
C) Huwag na tingnan, basta i-send

**5. May natanggap kang text na may link papunta sa "eGov site" para sa ayuda. Ano ang gagawin mo?**
A) I-click agad ang link
B) Huwag mag-click – pumunta directly sa eGov app
C) I-share sa iba

**6. Paano mo malalaman kung legitimate ang eGov website?**
A) Tingnan kung may ".com"
B) Tingnan kung may ".gov.ph"
C) Tingnan kung maganda ang design

**7. Ano ang deepfake?**
A) Pekeng account sa Facebook
B) Pekeng video o larawan na ginawa ng computer
C) Pekeng pera

**8. Ano ang unang gagawin BAGO maniwala sa message o post?**
A) Mag-rush at mag-panic
B) STOP, THINK, VERIFY, ASK
C) Mag-share agad sa pamilya

SAGOT:
1-B, 2-B, 3-B, 4-B, 5-B, 6-B

# Ang iyong gabay patungo sa mas maginhawang paggamit ng mga platforms.

Sa kasalukuyang panahon, mas lalong nagiging makabago ang ating mga teknolohiya at mahirap nang makisabay sa paggamit ng mga plataporma. Sa Guide Book na ito, magagabayan kayo sa iba't ibang plataporma tulad ng Facebook, GCash, at eGovPH at mga simpleng paraan upang ma-access ito nang madali. Sa pagsunod ng mga simpleng hakbang, ang guide book na ito ay magiging kodigo niyo tuwing may nakakalitong hakbang sa pag-access ng mga plataporma.